


# HARVEY LOR

2nd Year BS Industrial Engineering Student.
Excellent layouting, conceptualizing, and writing skills.
09477323610 | iamharveylor@gmail.com
482 Immaculate Concepcion Subd., Tibag, Tarlac City


---

## EDUCATION

**Tarlac National High School (Main)**, Class of 2014
1st Honorable Mention

**University of the Philippines Diliman**
2nd Year BS Industrial Engineering Student
Expected Graduation on 2019

## SKILLS AND ABILITIES

Has creative thinking skills, able to conceptualize in a short period of time
Accuracy and attention to details
Computer-literate with extensive software proficiency covering wide variety of applications (MS Word, MS Excel, MS Powerpoint, Adobe Photoshop, Adobe Indesign)

## PERSONAL BACKGROUND

**Birthdate:** May 07, 1998
**Languages Spoken:** Tagalog, English, Kapampangan

## EXPERIENCES

Joined and won essay writing contests (from school level to national level)
Led the layouting team of TNHS' school paper *The Melting Pot*
Led the layouting team of UP Circle of Industrial Engineering Majors' monthly publication *Just In Time* for the month of April
Directed the Merchandise and Materials Design Team of IESHIKAWA X, the biggest gathering of Industrial Engineering students in the Philippines

# Minsan Nag-Selfie ang Isang Propagandista

Bagong *smartphone*. Bagong kabanata sa buhay ni *johnniedelacruz09*.

Mula sa luma niyang naghihingalo nang *Nokia 3315* (pero matibay pa rin), ngayon ay nabilhan na rin sya sa wakas ng bagong kakalikuting telepono. Ang dating tinititigan nya lang sa mga kaklase nya sa eskwela, ngayo'y nahahawakan at pag-aari na rin nya. Kapag kasi may *smartphone* ka sa klase, *cool* ka. Hindi ka napag-iiwanan. Progresibo. Mayroon kang pangalan. Masaya ngayon si *johnniedelacruz09*. Naging mas madali para sa kanya ang makipagkaibigan.

Aminin man natin o hindi, minsan din tayong naging si *johnniedelacruz09*. Inaamin ko na, ako, oo. Ang hirap kasi ng *peer pressure*. Madalas tayong mga kabataan, ganoon eh. Gustong-gusto nating nakikipagsabayan sa iba. Gusto nating kilala rin tayo sa kung saan sila kilala. Mga bata lang naman tayong nakikipagparamdaman noon sa buhay. Nangangapa pa kung sino at ano ba tayo sa kanila.

Naaalala ko, noong bata ako, masaya na ako sa mga laro sa *Internet*. 'Yung sa *Y8* o *Friv* o kung anu-anong *gaming sites*. Wala pa naman ako noong kahit anong *social media account*. Aanhin ko ba 'yon?, tanong ko sa sarili ko. Hindi ko naman kailangan. Mayroon namang *text messaging*. Marami naman akong *textmates*. Kung tama ako, *Yahoo Mail* lang ang mayroon ako noon na ginawa ng pinsan ko. Sinabi nya noon kasi sa'kin na pwede ko raw doon makausap ang mga lolo at lola ko sa ibang bansa nang hindi masyadong gumagastos ng malaking halaga. Isa iyon sa mga una kong naging interaksyon sa *Internet*, yung mga panghihingi ko ng mga pasalubong na tsokolate sa mga kamag-anak ko.

*Grade* 5 na ako noon nang magkaroon ako ng unang *social media account* sa anyo ng *Friendster*. Ipinanggawa lang ulit ako ng pinsan ko kasi nainggit ako sa mga ginagawa nya. Nakikipalit na rin ako ng *themes* at disenyo linggu-linggo. Naging isa siya sa mga pinagkakaabalahan ko. Noong *Grade* 6 ako, doon na naging matunog sa klase namin ang *Facebook*. Ano na naman itong bagong nilikha? Dahil taga-sunod ako sa uso, nagpagawa ako sa kaklase kong laging nag-i-*Internet*. Noong naturuan niya na ako kung paano mag*log-in*, para akong ipinanganak ulit sa mundong ibabaw. Wala akong ideya sa kung anuman ang dapat gawin sa *Facebook*. Ni hindi ko alam kung paano mag*log-out* noon (na hindi ko alam kung bakit hindi ko naitanong) kaya naman hindi ko alam kung may ibang gumagamit kapag umaalis na ako sa *computer shop*. Nang makadaupang-palad ko ang *Farmville*, nagkaroon ng liwanag. Naging interes ko ang pagtatanim. Bawat linggo rin, nakakatuklas ako ng iba pang mga laro kung saan nag-aalaga naman ng hayop o hindi kaya'y bumubuo ng mga komunidad. Sa *Facebook* ko na noon madalas nakakalaro ang mga kaibigan at kaklase ko. Ang *Facebook* ang naging pangalawa naming bakuran.

Wala pa noon kaming *computer* sa bahay at masasabi kong isa ako sa mga masugid noon na taga-suporta ng mga maiinit na *computer shops* sa probinsya. 'Yung nagsasamang amoy ng pawis ng mga naglalaro ng *DOTA*? 'Yung mga nagsisilutungang mura? 'Yun ang pamilyar noong tahanan ng aking pagtuklas sa makabagong mga teknolohiya.

Akala ko dati, ang *Facebook* ay para lamang talaga sa katuwaan. Simple pa naman noon ang buhay maski ginugusot na minsan ng modernisasyon ng mga bagay-bagay. Halos *gift requests* lang naman at mga nag-*level up* na *farm* ang nakikita ko noon sa *news feed*. Ngunit pagtuntong ko

sa *high school* at kolehiyo, tila nagkaroon ng malaking pagbabago. Paanong ang dating palipasan lamang ng oras ay ngayo'y paliparan na ng personal nating pamumuhay?

Nagsimulang maging isang kasangkapan ang *social media* sa lahat ng ginagawa nating kabataan. Nagsisulputan ang mga sari-saring litrato, mga *video*, at mga *posts* tulad ng "*just woke up hehe. gud m0rneng*." Naging bukas na baul ito ng ating mga sari-saring ala-ala at mga pangungusap na isa lang naman ang orihinal na layunin: ang ipaalam sa iba kung ano ang kasalukuyan nating ginagawa. Nauso ang pag*share* ng mga bagay mula sa popular na kultura. Nagkaroon ng *fan pages*, mga *advertisements*, at mga *interests*. Sa dami ng mga posible nating makalikot, talagang mapapansin nga na ginawa nang mas malalim ng *Facebook* ang koneksyon natin. Sa katagalan, nakalimutan na nating magtanim sa *Farmville* at naging mas abala na tayo sa pagbuo ng pagkatao natin sa *social media*.

Madalas nating naririnig na repleksyon ng pagkatao natin ang lahat ng ating ginagawa at sinasalita. Totoo naman ito, kaya nga madalas ay hinuhusgahan agad tayo ng iba sa lahat ng mga direkta nilang nakikita sa atin. Lalo na sa *social media*, madali kang husgahan at ma*stereotype* base sa kung ano ang mga interes mo at isine*share*. Bilang halimbawa, kung tungkol lahat sa mga tambalang *JaDine* at *LizQuen* ang nasa *wall* mo sa *Facebook*, marahil maisip agad ng iba na mahilig kang manood ng telebisyon at magpantasya sa mga piksyong romansa. Kasunod na dito ang mga kumentong “Aral munaaaa!” o ‘di naman kaya’y “Edi *wow* daming *time*.” Marahil nag-aaral naman talaga tayo nang maigi ngunit ang kumplikasyon ng *social media* ay makapangyarihan. Pinapakahulugan ng mga tao ang mga simpleng bagay ng mga kumplikadong haka-haka.

Madalas, nakikilala tayo sa mga bagay na hindi naman talaga tayo. Itanong mo ngayon sa iyong sarili, sino nga ba talaga ako?

Mapapansin nating tuluyan na ngang binago ng *social media* ang lenggwaheng madalas na ginagamit nating mga kabataan. Maliban sa mga karaniwan nang kolokyal na mga termino, naging makulay na rin ang bokabularyo ng mga *netizens* sa pagsilang ng mga salita na tulad ng *scoobs* at *carps*. Ang naunang salita ang umano'y modernong *dehins* na mula pa sa panahon ni Jolina Magdangal.

Higit dito, naging politikal na rin ang lenggwahe sa karamihan sa mga *posts* sa *social media*, lalo na ngayong panahon ng eleksyon. Kung minsan pa nga'y parang nagiging diskusyon na sa sosyolohiya at pilosopiya ang mga kumento dahil sa dami nang teorya at mga *fallacies* na itinuturo. Gayon pa man, malayo na nga ang narating at nabago sa kung ano ang ilan sa mga inihahayag natin at hindi na pawang ampaw at *mema* lamang.

Masasabi kong sa social media ko lubusang unang naintindihan ang konsepto ng *misogyny*, *feminism*, *patriarchy*, *capitalism*, at *equality*. Doon unang nabuksan ang isipan ko sa mga suliranin ng LGBT, mga paghihirap ng mga Lumad, at mga magsasaka sa iba't ibang panig ng bansa. Mas madalas sa hindi, nagpapaalab ang mga nababasa nating mga *posts* tungkol dito ng kung anong uri ng nasyonalismo sa ating mga puso. Nagkakaroon tayo ng pakialam. Natutulungan tayo ng mga ganitong mas mahahalagang bagay na kilalanin at itanong sa sarili natin kung ano ba talaga ang ating paniniwala at kung ano ang ginagawa natin tungkol dito. Naghuhudyat pa nga ito minsan ng ating pag*post* din ng mga saloobin natin at mga naiisip na solusyon. Ang iba sa atin, hindi naman madaldal sa totoong buhay pero pagdating sa *social media* ay daig pa minsan ang mga tagapagbalita.

Ang pagkakakilanlan natin sa ating sarili ay nahuhubog ng *social media* sa paraang hindi naman talaga natin agad napapansin. Minsan nga'y hindi pa talaga tayo tiyak kung sino na ba tayo at kung nabago nga ba talaga tayo. Pero kung may isang bagay man na ikatitiyak natin, 'yun ay ang katotohanang lahat ng nakikita, naririnig, at napapanood natin ay nagiging mahalagang bahagi ng ating pagkatao at paniniwala sa buhay. Maraming opinyon sa mundo ngunit tayo ang nanghuhusga kung alin doon ang katotohanan.

Bukas ng umaga, paggising mo, baka magpost ka na naman ng *selfie* na may *hashtag* pa na *#wokeuplikethis*. Masarap naman talaga kasi kunan ng litrato ang mga mukha natin lalo na kapag mag-isa lang tayo at walang nakakakita. Ayan sige, *wacky*. *Pout*. Ilabas mo pa lalo ang dila. Anong *filter*? Anong *caption*? Anong maganda sa tingin ng iba? Napakaraming pagpipilian pero ang pinakamahalagang tanong naman talaga ay para kanino ba tayo pumipili? Para kanino ba ang mensaheng gusto nating ipahayag sa iba? Sino ba ang may hawak ng kamera?

Sa kabila ng lahat, ang nakakatuwa talagang isipin ay paanong madalas ay hindi naman talaga tayo kumukuha ng litrato ng sarili natin. Madalas, gusto lang talaga natin pagmasdan sa maliit na *screen* ng ating mga *smartphones* ang mga mukha nating nasubok na ng panahon. Iniisip kung paanong sa ilang taon na pamumuhay natin sa mundo ay marami na sa atin ang nagbago. Lumaking *eyebags*. Dumaming tighiyawat. Tumubong bigote. Lahat, tanda ng pagtanda. At karanasan ng isang modernong propagandista.

**Na-click mo na ang shutter. Ang ganda ng kuha.**

**Ipopost mo na ba?**